

Tagalog, Pilipino, Filipino: Isang Ebolusyon

ANGELINA L. SANTOS

Abstrak


Nilalaman ng artikulo ang prosesong pinagdaanan ng wikang Filipino sa pagbabago ng pangalan nito mula Tagalog, papuntang Pilipino, hanggang maging Filipino. Tinatalakay din dito ang pagpapalit ng letrang P sa F tungo sa mabilis na proseso ng pagtanggap sa pagbabago tungo sa intelektwalisasyon ng Filipino.

I. Introduksyon

Ang Pilipinas ay binubuo ng libu-libong mga isla na humigit sa 7,000 kung saan naninirahan ang iba't ibang etnikong grupo. Ayon kay Constantino (1992), may higit sa 500 mga wika at dyalekto ang bansa dahil na rin sa pagkakaroon ng iba't ibang etnikong grupo na may kani-kanilang wikang sinasalita. Masasabi, kung gayon, na kumplikado ang sitwasyong linggwistikal ng bansa. Katunayan, ayon kay Quakenbush (1998), pansampu ang Pilipinas sa ranggo sa buong daigdig kung ang pag-uusapan ay ang bilang ng mga katutubong wika na ginagamit dito.

Nakaragdag sa kumplikadong sitwasyong pangwika ng Pilipinas ang pagiging kolonya nito ng mga bansang Kastila at Amerika. Naging popular ang wikang Kastila at Ingles lalung-lalo na sa ekonomiko at intelektwal na mga elit.

Dahil sa sitwasyong pangwikang ito ng Pilipinas, ang dating pangulong Manuel L. Quezon bilang pangulo ng bansa, ay nakadama ng kahirapan sa pakikipagkomunikasyon sa mga mamamayan ng Pilipinas na hindi marunong ng

 ANGELINA L. SANTOS, Kasalukuyang nagtuturo ng mga subjek sa Filipino sa Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika sa MSU-Iligan Institute of Technology, Iligan City. Nakapagtapos ng BSE sa Pasig Catholic College sa Pasig City; ng Master sa Edukasyon (M.Ed.) sa Universidad ng Pilipinas sa Diliman, Quezon City; at Ph.D. sa Language Studies sa Mindanao State University, Marawi City, isang iskolarsyip sa ilalim ng programang Mindanao Advance Education.

Nakapagsagawa na rin ng mga pananalisis na pinondohan ng dating Coordination Center for Research and Development (CCRD). Nakapaglathala na rin ng mga artikulo sa Kawika (Jornal sa Filipino) at sa Mindanao Journal ng MSU Marawi.

Ingles o Kastila. Nagkaroon siya ng problema sa kung anong wika ang kanyang dapat gamitin sa kanyang mga talumpati sa mga pook na di-Tagalog sa paghahatid at pagpapaunawa ng kanyang mensahe para sa mga mamamayan. Dito nagsimula ang kanyang interes na magkaroon ng isang wikang panlahat na mag-uugnay sa mga Pilipino tungo sa pagkakaisa, pag-unlad at linggwistikong identidad ng bansa.

II. Tagalog, Pilipino, at Filipino

A. Tagalog

Sa panahon ng Komonwelt, sa pangunguna ni Presidente Manuel L. Quezon, nagsimula ang pormal na kasaysayan ng paghahangad ng bansa na magkaroon ng isang wikang mag-uugnay sa lahat ng mamamayan ng Pilipinas na magsisilbing behikulo ng pagkakaunawaan para sa pambansang pagkakaisa. Kaya noong 1934, nagkaroon ng Kombensyong Konstitusyonal kung saan ang mga delegado ay inorganisa sa iba't ibang komite. Isa sa mga komiteng ito ang Komite sa Wikang Opisyal. Ang Komiteng ito tulad ng ibang mga delegado sa Kombensyon ay naniwala na marapat lamang na isang katutubong wika sa Pilipinas ang dapat na maging pambansang wika. Ipinahahayag sa isang resolusyon tungkol dito na –

In the cultivation and preservation of native language, native customs, thoughts, feelings and ideas are cultivated and preserved. If we are to survive in this corner of the orient as a nation with its individuality and civilization, its native language should be preserved and evolved as a treasure chest or a nursery for such culture and civilization.

The adoption, cultivation and evolution of a native language among the vernacular is therefore essential to the establishment and - perpetuation of a real Philippine Republic and a real Filipino people (Aruego, sa Bernabe 1987).

Mula rito, nagkaroon ng probisyong pangwika sa Konstitusyon ng 1935, Artikulo XIII, Seksyon 3 na nagsasaad na –

Ang Konggreso ay gagawa ng hakbang tungo sa pagpapaunlad at pagpapatibay ng isang wikang pambansa na batay sa isa sa mga umiiral na wikang katutubo. Hanggat hindi itinatakda ng batas, ang wikang Ingles at Kastila ang siyang mananatiling mga opisyal na wika.

Kasunod nito pinagtibay ang Batas Pambansa Blg. 184 na nagtatag sa Surian ng Wikang Pambansa (SWP) na magsasagawa ng mga pag-aaral ng mga wika sa

Pilipinas upang pagpilian ng magiging batayan ng wikang pambansa na tumutugon sa mga sumusunod na kraytirya: (1) may maunlad na istruktura, mekaniks at literatura; (2) tinatanggap at ginagamit ng nakararaming bilang ng mga Pilipino; at (3) may pinakamayamang nakalimbag na panitikan.

Walong pangunahing wika ang pinagpilian ng batayang wika ng magiging wikang pambansa – (1) Cebuano, (2) Tagalog, (3) Iloko, (4) Hiligaynon, (5) Bicol, (6) Samar-Leyte Waray, (7) Pampango, at (8) Pangasinense.

Sa pag-aaral na isinagawa ng SWP, lumabas na ang wikang Tagalog ang nakatugon sa kraytirya, kaya't ipinalabas ni Pangulong Quezon ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 134 na nag-uutos na ang Pilipinas ay mayroon nang wikang pambansang batay sa Tagalog simula noong Disyembre 30, 1939. Ang Wikang Pambansang Batay sa Tagalog ay sinimulang ituro bilang isang asignatura sa ikaapat na taon sa lahat ng mataas na paaralang pampubliko at mga eskwelahang normal sa Pilipinas noong Hunyo 19, 1940.

Sa pangyayaring ito na Tagalog ang napiling batayan ng wikang pambansa, hindi naiwasan ang selosan at intriga, kaya't ipinahayag ni Presidente Quezon ang ganito –

There was a time it seemed it would be impossible for the Filipinos to agree that one of the native languages be chosen as the national language, but at least we have all realized that if we are all willing to accept a foreign language as the official language of the Philippines, with more reason we should accept one of our own languages as the national language of our common country (Philippine Commonwealth 1938b sa Bernabe, 1987).

Malaki ang ginampanang papel ng lugar ng Maynila sa pagkakapili sa Tagalog bilang batayan ng wikang pambansa. Tinanggap at sinalita ng nakararaming Pilipino ang Tagalog sapagkat ito ang wika ng Maynila na siyang upuan ng gobyerno; ang Maynila ang tanging sentro ng panahong iyon ng edukasyon; ang sentro ng kalakalan, ng publikasyon ng mga dyaryo, magasin, komiks, at maging ang pagsasagawa ng mga pelikula. Marami ang naglabas-pasok sa ka-Maynilaan na dala-dala ang kaalaman gamit ang wikang Tagalog, kaya nga't kahit na nakahihigit sa dami ng tagapagsalita ang wikang Cebuano, ay nahigitan naman ito ng Tagalog sa dami ng tumatanggap at nagsasalita nito.

Nang kilalanin ng Estados Unidos ang kalayaan ng Pilipinas noong Hulyo 4, 1946, naging wikang opisyal ang Wikang Pambansang batay sa Tagalog kasama ang Ingles at Kastila.

B. Pilipino

Naging kakatwa ang katayuan ng wikang pambansa, dahil wikang pambansang walang pangalan. Sa tuwing may magtatanong kung ano ang pangalan ng wikang pambansa ng Pilipinas ay sinasagot ito ng Wikang Pambansang Batay sa Tagalog. Noong 1959, makalipas ang 20 taon, napagpasiyahang bigyan ng pangalan ang Wikang Pambansang Batay sa Tagalog at nakilala ito sa tawag na Pilipino. Nilagdaan ni Kalihim Jose E. Romero ng Kagawaran ng Edukasyon ang Kautusang Pangkagawaran Blg. 7 noong Agosto 13, 1959 na nagsasaad na ang Wikang Pambansa ay tatawaging **Pilipino**.

Ang Wikang Pambansang batay sa Tagalog na kinilalang Pilipino ay unti-unting patuloy na nagkaroon ng kahalagahan sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Pilipino sa larangan ng edukasyon at maging ng pamahalaan. Bilang patunay –

Noong Nobyembre 1962 sa pamamagitan ng isang kautusang pangkagawaran ay iniutos ng Kagawaran ng Edukasyon ang pagsasa-Pilipino ng mga sertipiko at diploma ng mga paaralan. Sa ibaba ng mga salitang Pilipino ay ang salin ng mga salita sa wikang Ingles. (Lorenzo, et al., 1994:17).

Sa pamahalaan naman ay ganito ang nangyari –

Sa pamamagitan ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 96 na nilagdaan ng dating Pangulong Ferdinand Marcos noong 1967 ay pinangalanan naman sa Filipino ang mga gusali, edipisyo at tanggapan ng ating pamahalaan.

Bilang susog sa ganitong hakbangin ng Pangulong Marcos, si Kalihim Tagapagpaganap Rafael Salas ay nagpalabas naman ng isang Memorandum Sirkular noong 1968 na nagpapahayag na pati ang mga "letterheads" ng mga kagawaran, tanggapan at sangay ng pamahalaan ay nararapat na ring isulat sa Filipino na may kalakip na teksto rin sa Ingles. Iniutos din na ang mga pormularyo sa panunumpa sa tungkulin ay gawin sa Filipino (17-18).

Bagamat marami-rami na ring mga hakbang ang naisagawa sa pagpapasulong ng wikang Pilipino, marami pa rin ang bumabatikos sa wikang ito. Patuloy ang digmaang pangwika. Naghari sa damdamin ng mga di-Tagalog ang rehiyonalismo. Nakadarama sila ng damdaming-kakulangan, na sila'y kino "colonize" o nasasailalim ng mga Tagalog. Matindi ang nadarama nilang "psychological opposition . . ." (Hembrador, 1974:50)

May mga di kumilala sa wikang Pilipino bilang wikang pambansa. Idinahilan nila na ang pagkakatatag dito ay hindi naayon sa batas – na ito ay itinadhana lamang ng Kagawaran ng Edukasyon at hindi ng konstitusyon.

Sa pagpapawalang-bisa ng Konstitusyon ng 1935 sa panahon ni Presidente Ferdinand E. Marcos, ayon kay Constantino (1974:20), ikinaligaya ng mga di-Tagalog at mga pro-Ingles na mga delegado ang pagkakatatag ng Kombensyong Konstitusyonal noong 1971. Nagbigay ito sa kanila ng pinakahihintay nilang pagkakataon na baguhin o patayin ang wikang pambansang batay sa Tagalog. Idinagdag pa ni Constantino –

Sa mga una pa lamang sesyon ng Konkon malinaw nang lumabas ang malakas na pagkontra o pagtangga ng karamihan sa mga delegado sa Konkon (na mga di-Tagalog) sa patuloy na paggamit sa Pilipino bilang wikang pambansa ng Pilipinas. Ang palagay namin sa U.P. ay milagro na lamang ang makapipigil sa pagkontrang iyon (20).

. . . gusto ng Komite sa Wikang Pambansa ng Konkon na dumebelop ng isang bagong wikang pambansa na tatawaging Filipino “batay sa mga umiiral na katutubong wika at dayalek ng Pilipinas na hindi ipinupuwera ang asimilasyon ng mga salita mula sa banyagang wika” (21).

C. Filipino

Maraming mga pagtatalong pangwika ang naganap sa Kombensyong Konstitusyonal na ang naging resulta ay ang probisyong Seksyon 3(2) ng Artikulo XV ng 1973 Konstitusyon:

Ang Batasang Pambansa ay dapat gumawa ng mga hakbang tungo sa pagpapaunlad at pormal na pagpapatibay ng isang panlahat na wikang pambansa na kikilalaning Filipino.

Batay sa probisyong ito, matutunghayan sa ibaba ang bahagi ng pahayag ng dating Sekretaryo ng Katarungan Vicente Abad Santos na ipinaabot niya kay Direktor Ponciano B.P. Pineda ng Surian ng Wikang Pambansa (na ngayon ay kilala bilang Komisyon sa Wikang Filipino) ayon sa Batas Republika Blg. 7104 –

It appears that certainty has been created by a provision in the New Constitution seemingly setting aside Tagalog-based Pilipino as the national language . . .

Under the New Constitution, the National Assembly is x x x directed to take steps towards the development and formal adoption of a "common" language to be known as Filipino, which would seem to be implied rejection of the Tagalog-based Pilipino, as our existing national language (Bernabe, 1987:153).

Matapos ang maingat na pag-aanalisa sa probisyong pangwika sa ilalim ng Konstitusyon ng 1973, pinagtibay ng Lupon ng Pambansang Edukasyon (Board of National Education) ang patakarang bilinggwal na ipinatupad sa buong kapuluan sa bisa ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 9, s. 1973, na nagsasaad ng (1) pagkakaroon ng isang katutubong wikang pambansa tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan at pagkakaisa, at (2) ang patuloy na paggamit ng Ingles upang magtamo ng kaalaman sa larangan ng siyensiya at teknolohiya.

Samantala, bilang resulta ng Rebolusyon ng EDSA noong Pebrero, 1986, pinawalang-bisa ang Konstitusyon ng 1973. Pumalit ang Konstitusyon ng 1987 kung saan nagkaroon na naman ng pagbabago sa probisyong pangwika. Itinatadhana ng Konstitusyong ito ang mga sumusunod:

Sek. 6. Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nililinaang ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika sa Pilipinas at iba pang mga wika.

Sek. 7. Ukol sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino, at hanggat walang itinatadhana ang batas, Ingles. Ang mga wikang panrehiyon ay pantulong na mga wikang opisyal sa mga rehiyon at magsisilbi na pantulong sa mga wikang panturo roon.

Batay na rin sa mga probisyong pangwikang ito sa Konstitusyon ng 1987, nagsagawa ng mga pagbabago sa patakarang edukasyong bilinggwal. Ipinalabas ang "Panuntunan sa Implementasyon ng Patakarang sa Edukasyong Bilinggwal" sa ilalim ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 54, s. 1987, ng DECS.

Bukod sa pagpapahusay ng pagkatuto sa pamamagitan ng dalawang wika (Filipino at Ingles), layunin din ng patakarang ito na palaganapin ang Filipino bilang wika ng literasi; paglinang at pagpapayabong ng Filipino bilang linggwistikong sagisag ng pambansang pagkakaisa at pagkakakilanlan; at, paglinang at pagpapayabong ng Filipino bilang wika ng pangkarunungan pagpapahayag.

Napag-ukulan na ng pansin, sa panahon pa ni Quezon, ang kahalagahan ng wika para sa pambansang pagkakaisa na siyang daan para naman sa pambansang kaunlaran sa pamamagitan ng pagbuo ng isang pambansang wikang mag-uugnay sa lahat ng mamamayan sa Pilipinas. Ngunit hindi naging madali ang pagbuo ng wikang ito dahil sa "digmaang pangwika" di lamang dahil sa rehiyonalismo kundi

maging sa mga pansariling persepsyon at interes na rin ng mga namumuno sa pamahalaan.

1. Ang Pagpapalit ng P sa F

Nabanggit ni Gonzales (1996:230) na ang kasalukuyang Filipino ay batay sa Tagalog. Kung susuriin, walang pagbabago sa nukleyus ng Pilipino at Filipino – Tagalog pa rin ito. Ngunit ano nga ba ang pagkakaiba ng Pilipino sa Filipino bukod sa pagpapalit ng P sa F?

Sinasabing ang wikang Filipino, bilang wikang pambansang instrumento ng pakikipag-ugnayan ng bawat mamamayang Pilipino ay **may higit na bukas na pinto sa pagpasok ng iba't ibang wika mula sa iba't ibang lugar sa kapuluan o ibang bansa man** tungo sa lalo pang pagkakaunawaan, pagkakaisa at pag-unlad ng sambayanang Pilipino. Ito'y isang wikang buhay, dinamiko, tumutugon sa pangangailangang berbal, pasalita o pasulat, at higit sa lahat, ang wikang ginagamit sa alinmang lugar sa Luzon, Bisayas o Mindanao. Binanggit sa unahan ang **may higit na bukas na pinto sa pagpasok ng iba't ibang wika mula sa iba't ibang lugar sa kapuluan o ibang bansa man – may higit na bukas na pinto**, nangangahulugan lamang na **bukas din ang pinto ng wikang Pilipino** sa pagtanggap sa pagbabago. Ngunit mabagal ang proseso ng pagtanggap sa pagbabago, na ayon kay Constantino (1974:28) ay bunga ng –

... *“puristang” palisi (policy) na sinunod sa pagdebelop, pagpapaunlad at pagtuturo sa Pilipino ang mga aktwal na dahilan ng pagkabigo ng Pilipino bilang wikang pambansa ng Pilipinas.*

At bukod pa sa nabanggit na dahilan sa itaas, marami pa rin ang naniniwala na ang Pilipino at Tagalog ay iisa – paniniwalang ibinunsod ng paghahari ng rehiyonalismo sa damdamin ng mga di-Tagalog.

III. Intelektwalisasyon at Istandardisasyon ng Filipino

Ang pangyayaring tunggalian sa kaso ng wikang pambansa ay dapat lamang tingnan sa positibong pananaw sapagkat ang tunggalian ng paniniwala ay isang malusog na senyales na nagiging dahilan ng pagpapabuti sa mga gawaing dapat isakatuparan. Marami sa mga palaaral ang naniniwalang “walang syensyang uunlad o yayabong nang walang tunggalian ng mga opinyon, nang walang kalayaan ng kritisismo” (Stalin, 1995:83).

Ngunit dapat lamang mabatid ng mga nakadarama ng matinding opisisyong sikolohikal sa kasong pangwika sa Pilipinas na –

... hindi umuunlad ang wika sa pamamagitan ng pagwasak sa umiiral nang wika at paglikha ng bago, bagkus ay sa pagpapalawak .. ng mga batayang elemento ng umiiral nang wika (81).

Dapat ding isaalang-alang na bago magpalabas ng anumang kautusang pangwika, ito ay siguraduhing nagdaan sa isang masusing pag-aaral at ebalwasyon.

A. Depinisyon ng mga Katawagan

1. Intelektwalisasyon

Para kay Perez (1977:59), ang intelektwalisasyon ng isang wika ay tumutukoy sa katangian, kakayahan o potensyalidad nito na magamit bilang midyum sa pagtalakay, maaaring pasalita o pasulat man, sa makaademikong paraan ng anumang larangan o disiplina ng karunungan.

Ayon naman kay Magracia (1997:23), ito ay ang proseso ng pagpapataas sa antas ng paggamit ng wika sa mga gawaing akademiko katulad ng pagsulat at mga talakayang pormal, syentipiko, at akademiko.

Samantala, binigyang kahulugan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) (1996) ang "intelektwalisadong Filipino" bilang pagbibigay-linaw sa kahulugan ng intelektwalisasyon na nagsasaad na ang "intelektwalisadong Filipino" ay ang barayti ng Filipinong ginagamit sa edukasyon ng mga Pilipino sa lahat ng larangan ng kaalaman mula sa mga gradong primarya hanggang unibersidad. Ito rin ang uri ng Filipino na ginagamit sa mga pananaliksik sa lahat ng disiplina, at ginagamit din bilang pangunahing wikang panggawain sa iba't ibang domeyn ng wika.

2. Istandardisasyon

Ang istandardisasyon, ayon pa rin kay Perez (1976:40), ay isang pamaraan o proseso kung paano maaaring tanggapin at gamitin ng nakararaming taong gumagamit ng wika ang isang tiyak na talaan ng mga talasalitaan o bokabularyo sa isang tiyak na disiplina ng karunungan.

Ayon pa rin kay Magracia (1997:23), ang istandardisasyon ay isang proseso sa pagpapalano ng wika kung saan kinikilala, tinatanggap, at pinauunlad ng mga gumagamit ang isang partikular na barayti ng wika na tumutugon sa kanilang pamantayan bilang isang supradayalekto sa kanilang pormal at di-pormal na komunikasyon. Pinalawak pa ni Ferguson (1977) ang kahulugan nito sa paggamit ng konsepto ng istandardisasyong supranasyonal sa aspektong ortograpikal at terminolohikal kung saan may tinatanggap na istandardisadong termino na may paraan ng pagbabaybay na tinatanggap sa buong bansa at hindi sa isang partikular na grupo

o lugar lamang.

Dapat tandaan na maraming disiplina na sumasaklaw sa karunungan, gaya ng agham, panitikan, matematika, sikolohya, pilosopya, kasaysayan, sosyolohya, ekonomiks, atbp. Kailangang magkaroon ng istandardisasyon sa ispeling dahil sa dami ng mga katawagan o salita na ginagamit sa pag-aaral at pagtalakay sa isang tiyak na disiplina.

Nasa proseso ng intelektwalisasyon at istandardisasyon ang wikang Filipino at isinasakatuparan ito sa iba't ibang kaparaanan, sa iba't ibang larangan – panitikan, linggwistika, riserts, sa pagpapatupad ng edukasyong bilinggwal (na tila nababalewala sa kasalukuyan) sa pagpapayaman at modernisasyon ng wika sa pamamagitan ng mga bokabularyo nito.

B. Pagpapayaman ng Bokabularyo

1. Panghihiram (Borrowing)

Ayon kina Fromkin at Rodman (1983:292), ang panghihiram ay isang proseso kung saan ang isang wika o dyalekto ay kumukuha at ibinabahagi ang ilang elementong linggwistiko mula sa ibang wika.

Ang panghihiram ayon din kina Fromkin ay maaaring direkta/tuwiran o di-direkta/di-tuwiran. Direkta ang panghihiram kung ang hiniram na salita ay katutubong salita mula mismo sa pinanghiramang wika; at di-direkta naman kung ang salitang hiniram sa pinanghiramang wika ay nagmula sa iba pang wika – halimbawa: ang salitang **algebra** ay hiniram ng wikang Ingles sa wikang Kastila, kung saan naman hiniram ito ng Kastila sa Arabic. Kung gayon, hiniram ng Ingles ang salitang algebra nang di-direkta mula sa Arabic, kundi sa Kastila bilang intermedyaryo.

Ang wika upang manatiling buhay o maunlad ay kailangang manghiram. Walang purong wika. Kung pananatilihin ang pagiging puro ng wika, mamamatay o mawawala ito katulad ng nangyari sa wikang Latin.

Masaklaw (extensive) ang panghihiram ng wikang Ingles. Ayon kay Yap (1985:253) 50% ng bokabularyo ng Ingles ang hiram sa Latin at Griyego na pumasok nang direkta o di-direkta sa pamamagitan ng Pranses o iba pang mga wika sa daigdig. Marami sa mga salitang ito ay nakapasok naman sa mga wika sa Pilipinas sa pamamagitan ng Ingles o Kastila.

Ayon kay Hockett (mula kay Yap, 1985), may dalawang kondisyon sa panghihiram: ang **prestige motive** o panghihiram sa dahilang may prestihiyo o marangal ang wika at kulturang pinanghihiraman; at **need-feeling motive** o panghihiram sa dahilang kailangan ng isang wika ang mga terminolohya o katawagang teknikal at pansyensya na wala sa wikang nanghihiram para sa pagpapayaman, modernisasyon, at intelektwalisasyon.

a. Ang Papel ng mga Wikang Banyaga sa Intelektwalisasyon ng Filipino

Ayon sa KWF (1996:4-5)

... Filipino will depend on the English language and other intellectualized languages as source languages for its intellectualization. (We should note here that English depended heavily on Greek, Latin, and French as source languages of its intellectualization.) ... this implies ... that Filipinos who will intellectualize the Filipino language must be bilinguals educated very well (especially those who write well) in English and other intellectualized languages and in Filipino. Those who know only Filipino will not be able to intellectualize Filipino.

Matagal nang nanghihiram ang wikang pambansa ng mga salita mula sa labas ng bansa. Pinagaan lamang ang prosesong ito ng panghihiram sa pagdedeklara ng wikang Filipino bilang wikang pambansa kapalit ng Pilipino.

Sa pagpapagaang ng panghihiram, ipinalabas ang **2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino** ng KWF. Ang pagpapalabas na ito ay isang hakbang din para sa istandardisasyon ng Filipino.

Kung sa wikang Pilipino ay may ABAKADA na mayroon lamang 20 letra (A, Ba, Ka, Da, E, Ga, Ha, I, La, Ma, Na, Nga, O, Pa, Ra, Sa, Ta, U, Wa, Ya), sa wikang Filipino naman, tinatawag itong alfabetong Filipino na binubuo naman ng 28 letra (A, B, C, D, E, F, G, H, I, J, K, L, M, N, Ñ, NG, O, P, Q, R, S, T, U, V, W, X, Y, Z) na binibigkas ng ayon sa bigkas Ingles ng mga Pilipino maliban sa ñ (enye) na bigkas- Kastila. Ang 20 letra ng dating Abakada ay patuloy na gagamitin ng mga karaniwang salitang tinatanggap o naasimila na sa bokabularyo. Samantala, malaya na ring magagamit ang mga letrang fonemik (f,j,v,z) sa panghihiram ng mga karaniwang salitang mula sa ibang wika.

Matutunghayan sa ibaba ang mga salitang hiram mula sa iba't ibang wikang banyaga (Yap, 1985:253-254) sa pamamagitan ng Ingles o Kastila:

a.1. Mula sa Latin

altar	sermon	martir
apostol	templo	album
bonus	primadona	ultimatum
modern	super	superintendent

a.2. Mula sa Griyego

iskul	iskolar	oligark
telegram	helikopter	diploma
dilema	drama	komedi
kudos		

a.3. Mula sa Pranses

gobyerno	kabaret	bodabil
baron	royal	korte
piknik	pulis	kape
restawrant	saperon	tsuper
armi	militar	korporal
heneral	brigadyer	komandante

a.4. Mula sa Italian

opera	operata	sonata
solo	biyulin	piyano
soprano	maestro	tempo
ispageti	pasta	makaroni

a.5. Mula sa Portuguese

albino	pagoda	molases
--------	--------	---------

a.6. Mula sa Aleman

hamburger	kobalt	kit
wagon	hinterland	pretzel
waltz	frankfurter	

a.7. Mula sa Dutch

dek (deck)	yate (yacht)	dyaket
kukis	komando	kolslo (coleslow)

a.8. Mula sa Hebrew

aleluya	satan	amen
Jehovah	dyubili	

a.9. Mula sa Persian

kaki	tsek	tses
basar	karabanshah	

a.10. **Mula sa Sanskrit (direkta)**

Bathala	guro	yoga
samba	tala	tadhana
dusa	saksi	mutya
dalaga	sinta	palibhasa
samantala	sandata	halaga
dukha	diwa	diwata
katha		lasa
pandita	aksaya	

a.11. **Mula sa Hindustani**

bandana	sari	syampu
padyama		

a.12. **Mula sa Hindu (direkta)**

kopra	kari	kari-kari
-------	------	-----------

a.13. **Mula sa Swedish (direkta)**

smorgasbord

a.14. **Mula sa Malay (direkta)**

kapok	nipa	rami
ratan	orang-utan	

a.15. **Mula sa Polynesian**

yukelele	tabu	tatu
----------	------	------

a.16. **Mula sa Australia**

kanggaru	bumerang	
----------	----------	--

a.17. **Mula sa Africa**

yam	bandyo	samba
rumba	dyas (jass)	

a.18. **Mula sa American Indian**

Eskimo	wigmam	mokasin
--------	--------	---------

a.19. **Mula sa Mexican**

kabayo	pisong	tamales
--------	--------	---------

a.20. **Mula sa Rusya**

sobyet	bodka	isputnik
kosmonot	astronot	

a.21. **Mula sa Nihonggo (direkta)**

misu	apa	soya
dyudo	dorobo	karate

a.22. **Mula sa Arabic (direkta)**

Muslim	kendi	tamarindo
alkohol	datu	sultan
pandita	koran	hadji

b. **Ang Papel ng mga Katutubong Wika sa Intelektwalisasyon ng Filipino**

Mahalaga rin ang papel na ginagampanan ng mga katutubong wika sa Pilipinas na ayon nga sa Konstitusyon ng Pilipinas (Art. XIV, Sek. 6, par. 2) ay makatutulong sa pagyabong at pag-unlad ng wikang Filipino. Ayon sa KWF (1996) –

The provision must be interpreted as a recognition by the framers of the Constitution of the language rights of speakers of Philippine languages other than Tagalog. All ethnic groups have the right to contribute to the development of the Filipino language.

Matutunghayan sa ibaba ang mga salitang katutubo sa Pilipinas na ginagamit sa wikang Filipino:

vigi	(Ibanag)	itlog ng isda
------	----------	---------------

bana	(Cebuano)	asawang lalaki
kawatan	(Cebuano)	magnanakaw
malong	(Maranao)	
pili	(Bicol)	
manong/manang	(Bisaya)	
batsoy	(Ilonggo)	
cañao	(Igorot)	

2. Paglikha ng mga Salita

Bukod sa panghihiram, nakatutulong rin sa pagpapayaman ng talasalitaan ang paglikha ng mga salita sa pamamagitan ng pag-uugnay ng dalawa o higit pang mga salita upang makabuo ng panibagong salita na siyang itatapat sa bagong salitang pumasok/pumapasok sa wikang Filipino; o kaya nama'y ang pagkakapit ng panlapi sa salitang ugat upang makalikha ng bagong kahulugan. Ayon kay Antonio at mga kasama (1976:59), dalawa lamang ang maaaring kahinatnan ng mga salitang-likha – tanggapin o iwanan ng bayan –

Tinatanggap, kung kailangan ng bayan ang salita at iniwan naman, kung iyon ay katawa-tawa o kaya'y nakapagpapagulo kung hindi man nakapagpapahirap sa pag-aaral ng P(F)ilipino.

Masasaksihan sa ibaba ang mga halimbawa ng mga salitang-likha:

2.a. Mga salitang-likha na tinatanggap

banyuhay	(bagong anyo ng buhay)	metamorphosis
sanaysay	(sanay sa pagsasalaysay)	essay
balarila	(bala ng dila)	grammar
talambuhay	(talaan ng buhay)	biography
dalubwika	(dalubhasa sa wika)	linguist
patubig	(pa+tubig)	irrigation
pangngalan	(pang+ngalan)	noun
pandiwa	(pang+diwa)	verb
pang-uri	(pang+uri)	adjective
panghalip	(pang+halip)	pronoun

2.b. Mga salitang-likha na iniwanan

hatinig	(hatid+tinig)	telepono
---------	---------------	----------

saksisid	(sasakyang sumisisid)	submarino
salipawpaw	(sasakyang umaalipawpaw)	eroplano
salumpuwit	(salo+puwit)	upuan o silya

3. Paraan ng Panghihiram ng mga Salitang Ingles

Sa mga pagbabagong pumapasok bunga ng kaunlarang dulot na rin ng pag-unlad ng industriya at agrikultura, ng kalakalan at transportasyon, ang mga bokabularyong Ingles ay hindi maiiwasang pumasok at maging bahagi ng wikang Filipino. Upang magabayan kung paano hihiram ang mga katawagang teknikal at pansyensya, maaaring gamitin ang tatlong paraan ng panghihiram ng mga salitang Ingles nina Santiago at Tiangco (1977:23-25) –

Paraan 1 – Pagkuha sa katumbas sa Kastila ng hinihiram na salitang Ingles at pagbaybay dito nang ayon sa palabaybayang P(F)ilipino.

Halimbawa:

Kung ibig hiram ang salitang Ingles na **electricity**, kunin ang katumbas nito sa Kastila – **electricidad**. Pagkatapos ay baybayin ito nang ayon sa palabaybayang P(F)ilipino – **elektrisidad**.

Iba pang halimbawa:

Ingles	Kastila	P(F)ilipino
population	populacion	populasyon
liquid	liquido	likido
delegate	delegado	delegado
biology	biologia	biyolohya/byolohya
mathematics	matematica	matematika
barricade	barricada	barikada
ceremony	ceremonia	seremonya

Paraan 2 – Paghiram sa salitang Ingles at pagbaybay dito nang ayon sa palabaybayang P(F)ilipino. Karaniwang isinasagawa ang paraang ito kung –

- hindi maaari ang Paraan 1;
- walang katutubong salita na maaaring magamit bilang salin o katumbas ng salitang Ingles. Tingnan ang sumusunod na halimbawa:

Ingles**P(F)ilipino**

i. christmas tree

krismas tri

Pansinin na mayroon tayong **pasko** bilang panumbas sa **christmas** ngunit wala sa **christmas tree**.

ii. tricycle

traysikel

Ang katumbas ng **bicycle** ay **bisikleta** na ang ginamit ay Paraan 1. Subalit ang **tricycle** ay hindi **trisikleta**.

Nangangahulugang ang mga makahulugang yunit sa Ingles na **bi-** at **tri-** ay ginagamit natin bilang bahagi lamang ng mga salitang ating hinihiram. Ipinakikita rin sa halimbawa sa itaas ang impluwensya ng dalawang panahon – ng Kastila at ng Ingles: ang **bisikleta** ay impluwensyang Kastila, ang **traysikel** ay impluwensyang Ingles.

iii. control

Did you control the vocabulary?

kinontrol

Kinontrol mo ba ang talasalitaan?

Ipinapakita sa itaas kung paanong hindi praktikal na panatilihin ang letrang **c** sa mga salitang hinihiram sa Ingles sa dahilang gumagamit ang Pilipino ng mga gitlapi. Sa halimbawa sa itaas, kung panatilihin ang **control**, hindi ito maaaring gitlapi ng **-in-** sapagkat magiging **cinontrol**; gayundin ang salitang **circo**, hindi ito maaaring gitlapi ng **-um-** sapagkat magiging **cumirco**.

iv. smuggle

He smuggles gold.

ismagel

Nag-iismagel siya ng ginto.

Pansinin sa halimbawa sa itaas na hindi maaaring panatilihin ang **smuggle** o alisin kaya ang letrang **i** sa unahan ng **ismagel** sapagkat magkakaroon ng suliranin kapag ito'y inunlapi. Ang **nag-iismagel** ay magiging **nag-ismuggle/ nag-ismagel** – nabago ang aspeto. Ito ang dahilan, samakatwid, kung bakit kailangang manatili ang letrang **i** sa mga salitang tulad ng **iskit, ispring, iskawt, iskolar, islang, isport, istandard, istarter, atbp**.

Paraan 3— Paghiram sa salitang Ingles nang walang pagbabago sa baybay. Ginagamit lamang ang paraang ito kapag hindi praktikal na gamitin ang mga Paraan 1 at 2. Pansinin pa rin na dito lamang sa paraang ito nagagamit ang mga letrang wala

sa 20 letra ng Abakada (c, f, j, ñ, q, v, x, z). Narito ang ilang halimbawa; Manila Zoo, chess, golf, Coke, visa, Quezon City, Juan de la Cruz, Villa Caridad, atbp.

Paraan 4— 2001 mga Tiyak na Tuntunin sa Gamit ng Walong Dagdag na Letra

Ang wikang Filipino, bilang wikang buhay ay tumatanggap ng mga linggwistikong pagbabago dahil na rin sa kontak nito sa iba pang mga wika. Dahil dito, ipinaliliwanag sa ilalim ng **2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino** ang pagpasok ng mga wikang katutubo at dayuhan.

Hinati sa dalawang grupo ang walong dagdag na letra—fonemik at redandant. Binubuo ng f, j, v, at z ang mga letrang fonemik; at ng c, ñ, q at x ang mga letrang redandant. Malayang magagamit ang mga letrang f, j, v, at z sa paghihiram ng mga karaniwang salitang babaybayin sa Filipino dahil tumutugon ang mga ito sa tuntuning isa- sa- isang tumbasan o kung ano ang bigkas ay siyang sulat. Kung gayon, may isang kinakatawang tunog ang mga letrang fonemik.

Samantala, ang c, ñ, q, at x ay itinuturing na redandant dahil hindi kumakatawan ang mga letrang ito sa iisang tunog lamang. Halimbawa, ang letrang **c** ay maaaring maging /s/ o kaya nama'y /k/ sa mga salitang — **circo** → **sirko**; **control** → **kontrol**; ang letrang ñ ay kumakatawan naman sa magkapanunurang tunog na /ny/ sa salitang **piña** → **pinya**; ang letrang **q** ay kumakatawan sa tunog na /k/ o /kw/ sa mga salitang — **queso** → **keso**; at **quintuplet** → **kwintuplet**; at ang letrang x ay sa /ks/ sa salitang **examinasyon** → **eksaminasyon**.

Kung gayon, nilalabag ng mga letrang c, ñ, q, at x ang isa-sa-isang tumbasan ng tunog at letra. Gagamitin lamang ang mga letrang ito kung —

- ang salita ay isang pangngalang pantangi;
- ang salita ay teknikal o syentifiko;
- ang salita ay may natatanging kahulugang kultural.

III. Konklusyon

Malaganap na ang pagtanggap sa wikang Filipino. Ngunit dapat isaalang-alang ang paraan ng pagtanggap dito. Malawakan itong ginagamit sa larangan ng entertainment sa mga programang pantelebisyon. Marami na ring mga tabloid at mga magasin ang tumatangkilik dito. Sa larangan man ng pelikula at maging sa mga awitin ay popular itong ginagamit. Ngunit ang paggamit na ito ay naglalagay lamang sa wikang Filipino sa istatus nitong pagiging moderno o sa pagiging **popularly modernized language (PML)**. Samantala, ang tinatarget na istatus nito ay ang pagiging intelektwalisado, o **intellectually modernized language (IML)** sa iba't ibang

domeyn ng wika na ayon sa KWF (1996) ay ang –

... (1) *controlling domains of language – government administration (with sub-domains of executive, legislative, judicial); science, technology, industry; education (sub-domains of elementary, post secondary vocational courses, tertiary, graduate; the professions (with sub-domains of medicine, law, engineering, accountancy, etc.);*

(2) ... *the semi-controlling domains – religion; and mass communication; and*

(3) ... *the non-controlling domains – home; and lingua franca.*

Maaangkin lamang ng Filipino ang pagiging intelektwalisadong wika kung bibigyan ng bawat mamamayang Filipino ng pagkakataong mangibabaw ang wikang ito sa lahat ng domeyn ng wika tulad ng mga intelektwalisadong wika gaya ng Ingles, German, French, at iba pa.

Mga Referensya

- Antonio, Lilia, et al. **Retorikang Pangkolehiyo (Manwal sa Filipino 12 at 13)**. Diliman, Quezon City: Kolehiyo ng Sining at Agham, Universidad ng Pilipinas, 1976.
- Arcelo, Adriano A. "The Role of Language in Philippine Society." **Philippine Journal of Linguistics, Vol. 21, No. 1, June 1990**. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1990.
- Bernabe, Emma J. T. **Language Policy Formulation, Programming, Implementation and Evaluation (1565-1974)**. Manila: Linguistic Society of the Philippines Monograph No. 25, 1987.
- Constantino, Ernesto. "Ang 'Universal Approach' at ang Wikang Pambansa ng Pilipinas." **Filipino o Pilipino? Mga Bagong Babasahin sa Pambansang Wika at Literatura**. Ernesto Constantino, Rogelio Sikat, at Pamela D. Cruz, mga ed. Mla. Philippines: Rex Book Store, 1974.
- Ferguson, Charles A. **Sociolinguistic Perspective Papers on Language in Society, 1959-1994**. Thomas Huebner, ed. New York/Oxford: Oxford University Press, 1996.

Fromkin, Victoria and Robert Rodman. **An Introduction to Language**, 3rd ed. New York: Holt, Rinehart and Winston, 1983.

Gonzales, Andrew B. "Language and Nationalism in the Philippines: An Update," **Readings in Philippine Sociolinguistics**. Ma. Lourdes S. Bautista, ed. Mla., Philippines: De La Salle University Press, Inc., 1996.

Hembrador, Ma. Theresa. "Pilipino o Filipino? **Filipino o Pilipino? Mga Bagong Babasahin sa Pambansang Wika at Literatura**. Ernesto Constantino, Rogelio Sikat, at Pamela D. Cruz, mga ed. Mla., Philippines: Rex Book Store, 1974.

KWF. **Mga Tanong at Sagot Tungkol sa Alfabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino**. San Miguel, Mla.: KWF, 1996.

_____. **The KWF and the Intellectualization of Filipino**. San Miguel, Mla.: KWF, 1996.

_____. **2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino**. DECS, 2001.

Lorenzo, Carmelita S., Zenaida S. de Leon, at Gloria P. San Juan. **Sining ng Pakikipagtalastasang Panlipunan**. Metro Mla., Philippines: National Book Store, Inc., 1994.

Magracia, Emma B. 1997. "Preperensyang Modelo sa Tekstong Akademiko sa Agham Panlipunan: Tungo sa Istandardisasyon ng Filipino." Disertasyon sa Ph. D., Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Quezon City.

Perez, Al Q. "Ang Intelektwalisasyon ng Filipino." **Mga Babasahin sa Bilinggwalismo**. Al Q. Perez at Al O. Santiago. Mla., Philippines: Rex Book Store, 1977.

_____. "Tungo sa Istandardisasyon ng Filipino." **Mga Babasahin sa Filipino**. Mla., Philippines: Rex Book Store, 1976.

Santiago, Alfonso O. at Norma G. Tiangco. **Makabagong Balarilang Pilipino**. Mla., Philippines; Rex Book Store, 1977.

Stalin, J. V. "Marxismo at mga Problema ng Lingguwistika." **Daluyan**. Journal ng

SWF sa Talakayang Pangwika, Tomo VI, Blg. 1-4, 1995. Diliman, Quezon City: SWF.

Yap, Fe Aldave. "Mga Salitang Banyaga sa Sariling Wika." **Linggwistika at Panitikan Mga Piling Sanaysay na Handog – Parangal kay Al Q. Perez.** Mla., Philippines; Rex Book Store, 1985.

SWF sa Talakayang Pangwika, Tomo VI, Blg. 1-4, 1995. Diliman, Quezon City: SWF.

Yap, Fe Aldave. "Mga Salitang Banyaga sa Sariling Wika." **Linggwistika at Panitikan Mga Piling Sanaysay na Handog – Parangal kay Al Q. Perez.** Mla., Philippines; Rex Book Store, 1985.